# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-22 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

ANG LAHAT AY NAKADALO:

---

## KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BLG. 136-2019

ISANG KAPASIYAHANG PANLUNGSOD NA SUMUSUPORTA SA MGA PROGRAMA AT GAWAIN NG "2019 BUWAN NG KASAYSAYAN" NA MAY TEMANG "KASAYSAYAN: BAHAGI NG ATING NAKARAAN, GABAY SA KINABUKASAN", AT HUMIHIKAYAT SA MGA PAMPUBLIKONG PAARALAN ANG PAGTUTURO NG LOKAL NA KASAYSAYAN NG LUNGSOD BILANG PAKIKILAHOK SA NASABING PAGDIRIWANG

AKDA NI KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KAMAY-AKDA SINA KGG. MICHAEL M. AQUINO, KGG. DENNIS D. SAN DIEGO,
KGG. EMMANUEL R. SACAY AT KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

SAPAGKAT, alinsunod sa itinatadhana ng Proklamasyon Blg. 339 s. 2012 ang pagdiriwang ng "Buwan ng Kasaysayan" o History Month tuwing buwan ng Agosto;

SAPAGKAT, ang tema para sa pagdiriwang ng 2019 Buwan ng Kasaysayan ay "Kasaysayan: Bahagi ng Ating Nakaraan, Gabay sa Kinabukasan" na naglalayon na magbalik-tanaw sa kasaysayan ng bansa at sa mga pangyayari ng nakaraan na makabuluhan pa rin hanggang sa kasalukuyan;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay nababalot at hinubog ng makulay nitong kultura at nakaraan, ito rin ay kinatampukan ng mga makabuluhang tagpo sa kasaysayan ng bansa katulad ng Kumbensiyong Konstitusyunal noong 1898 na mas kilala sa tawag na Kongreso ng Malolos na naghantong sa pagkatatag ng Unang Republika ng Pilipinas na ginanap sa santuwaryo ng Simbahan ng Barasoain;

SAPAGKAT, ang Lungsod ng Malolos ay tahanan ng mga magigiting na indibidwal na nagsilbi at nagpamalas ng kanilang kabayanihan para sa bayan, at kabilang sa mga indibidwal na ito ay sina:

a. Hen. Isidoro Torres mula sa Barangay Matimbo;
b. Don Antonio S. Bautista mula sa Barangay Sto. Nino;
k. Loreto E. Lucero mula sa Barangay Sta. Isabel
d. Tomas at Rochenda Tanchangco mula sa Barangay San Vicente;
e. Perdo Ladia ng Barangay Matimbo;
g. Malolos Triumvirate na kinabibilangan nina:
   1. Jose Bautista
   2. Manuel Crisostomo
   3. Vicente Gatmaytan
h. Padre Agustin Tantoco mula sa Barangay Sto. Nino;
i. Felipe Estrella mula sa Barangay Panasahan;
m. Don Mariano Ponce mula sa Barangay Sto. Nino; at
n. Luis Gatmaytan mula sa Barangay Sto. Nino

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO, KASANGGUNI — KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA, KASANGGUNI — KGG. KIRK LOUIS NICOLAS, KASANGGUNI — KGG. MICHAEL M. AQUINO, KASANGGUNI — KGG. ENRICO C. CAPULE, KASANGGUNI

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ, KASANGGUNI
KGG. DIONISIO C. MENDOZA, KASANGGUNI
KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO, KASANGGUNI
KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA, KASANGGUNI
KGG. EDGARDO F. DOMINGO, KASANGGUNI
KGG. EMMANUEL R. SACAY, KASANGGUNI
KGG. DENNIS D. SAN DIEGO, KASANGGUNI

SAPAGKAT, ang mga nabanggit na indibidwal ay mga bayani ng Lungsod na nag-ambag ng kanilang kakayahan at nagpamalas ng kagitingan, kabayanihan at katapangan kung kaya't marapat lamang na palawigin pa ng husto ang kaalaman ng mga mamamayan, lalo't higit ng mga kabataan, upang ang mga ambag nilang makabuluhan sa lipunan ay hindi mapawalang-saysay o mabaon sa limot;

SAPAGKAT, bukod sa pagtuturo sa loob ng paaralan ay makatutulong din naman sa mga mamamayan, lalo't higit sa mga kabataan, ang pagbisita sa mga lokal na museo na matatagpuan sa Lungsod, upang higit na maging maalam patungkol sa kasaysayan;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagbibigay pagpapahalaga sa lokal at nasyonal na kasaysayan, gayundin ay naninindigan na ang mga aral ng nakaraan ay magiging gabay sa pagharap sa mga hamon ng kasalukuyan at mga henerasyon pang darating;

Kung kaya't sa pamamagitan ng kahilingan ni Igg. Patrick S. dela Cruz na sinang-ayunan ng lahat, ay

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod na sumusuporta sa mga programa at gawain ng "2019 Buwan ng Kasaysayan" na may temang "Kasaysayan: Bahagi ng ating Nakaraan, Gabay sa Kinabukasan", at humihikayat sa mga pampublikong paaralan ang pagtuturo ng lokal na kasaysayan ng Lungsod bilang pakikilahok sa nasabing pagdiriwang.

IPINASIYA PA RIN, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at suporta.

PINAGTIBAY.

****KGG. FRANCISCO J. CASTRO**
KASANGGUNI

**KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**
KASANGGUNI

**KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**
KASANGGUNI

**KGG. MICHAEL M. AQUINO**
KASANGGUNI

**KGG. ENRICO C. CAPULE**
KASANGGUNI

**KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**
KASANGGUNI

**KGG. EMMANUEL R. SACAY**
KASANGGUNI

**KGG. EDGARDO F. DOMINGO**
KASANGGUNI

**KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**
KASANGGUNI

**KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**
KASANGGUNI

**KGG. DIONISIO C. MENDOZA**
KASANGGUNI - ABC President

**KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**
KASANGGUNI - SK President

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo
** wala sa panahon na pinagtibay ang nasabing Kapasiyahang Panlungsod
DhorieTrogo(SDC2)*082319